

Tala: 1

Bali sa Butong Femur(includes abstract) Calvagna M; Keel JC; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - condition) CINAHL AN: 2010052470

Abstract: Ang bali sa butong femur ay isang bitak sa buto sa hita, na tinatawag na femur. Ang butong femur ay tinatawag ding buto sa hita. Nagsisimula ito sa balakang hanggang sa tuhod at ito ang pinakamahaba at pinakamatibay na buto sa katawan. Kadalasang nangangailangan ng napakalakas na puwersa upang baliin ang femur.

View English

Database:

Consumer Health Information -- Tagalog

Bali sa Butong Femur


(Bali ng Femur, Bali ng Buto sa Hita, Nabaling Binti)

ni: Mary Calvagna, MS

[\[View English Version\]](#)

Kahulugan

Ang bali sa butong femur ay isang bitak sa buto sa hita, na tinatawag na femur. Ang butong femur ay tinatawag ding buto sa hita. Nagsisimula ito sa balakang hanggang sa tuhod at ito ang pinakamahaba at pinakamatibay na buto sa katawan. Kadalasang nangangailangan ng napakalakas na puwersa upang baliin ang femur.

Mga Bali sa Butong Femur

© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

Mga Sanhi

Ang bali sa butong femur ay kadalasang dulot ng direktang trauma sa buto. Kasama sa mga trauma ang:

- Mga pagkahulog
- Mga suntok o hampas
- Mga Pagkakabangga
- Malubhang pagkapilipit

Mga Nagbibigay Panganib

Ang nagbibigay panganib ay isang bagay na nagpapataas ng iyong tsansang magkaroon ng bali sa butong femur. Sabihin sa iyong doktor kung mayroon ka ng anuman sa mga panganib na ito:

- Tumatanda
- Osteoporosis paglampas ng mga taon ng pagreregla
- Lumiliit na kalamnan
- Ilang mga sakit na nagpapahina sa mga buto, gaya ng osteoporosis o cancer
- Pakikilahok sa ilang mga larong may pakikipagdikitan, gaya ng football

Sintomas

Kasama sa mga sintomas ang:

- Kaagad at malubhang kirot
- Pamamaga at pagpapasa sa paligid ng bahagi ng bali
- Hindi makapaglakad at/o limitadong hangganan ng paggalaw ng tuhod o balakang
- Pagkasira ng hubog ng binti, gaya ng pag-ikli o di-normal na pag-ikot ng napinsalang binti

Pagsuri

Magtatanong ang doktor tungkol sa iyong mga sintomas, gawaing pisikal, at kung paano nangyari ang pinsala. Ang napinsalang bahagi ay susuriin din. Maaaring magkaroon ka ng mga x-ray upang maghanap ng bali sa buto.

Paggamot

Depende ang paggamot sa kalubhaan ng pinsala. Sangkot sa paggamot ang:

- Pagbabalik sa puwesto ng mga piraso ng buto, na maaaring mangailangan ng anesthesia at/o operasyon.
- Pagpapanatili sa mga piraso nang sama-sama habang gumagaling ang buto

Kasama sa mga aparatong maaaring magamit upang panatiliin ang buto sa tamang lugar habang ito'y gumagaling ang:

- Molde (bihirang ginagamit maliban sa mga napakabatang pasyente)
- Isang plate na bakal na may mga turnilyo (nangangailangan ng operasyon)
- Isang bakal na baras sa gitna ng buto (nangangailangan ng operasyon)
- Mga ipit na bakal na tumatawid sa buto, na may balangkas sa labas ng binting humahawak sa mga ipit at nabaling buto sa puwesto (nangangailangan ng anesthesia sa apektadong bahagi o sa buong katawan)

Magbibilin ang doktor ng mas maraming mga x-ray habang gumagaling ang buto. Ito ay upang matiyak na hindi gumalaw sa puwesto ang mga buto.

Sa oras na makauwi, sundin ang mga bilin ng iyong doktor pagkalabas ng ospital .

Mga ehersisyo

Kapag nagpasiya ang iyong doktor na ikaw ay handa na, uumpisahan mo ang mga ehersisyo ng hangganan-ng-paggalaw at pagpapalakas. Maaaring isangguni ka sa isang physical therapist na tutulong sa iyo. Huwag bumalik sa mga laro hanggang lubusang gumaling ang iyong binti at ang lakas ng iyong kalamnan sa hita ay normal na.

Panahon ng paggaling

Ang nabaling femur ay isang seryosong pinsala na nangangailangan ng 3-6 na buwan upang gumaling.

Pag-iwas

Upang maiwasan ang mga bali sa femur:

- Huwag ilagay ang iyong sarili sa panganib sa trauma sa femur.
- Kumain ng diyeta na mayaman sa calcium at bitamina D .

- Palakasin ang mga kalamnan upang maiwasan ang mga pagkabagsak at manatiling aktibo at maliksi.
- Palaging magsuot ng sinturon sa upuan kapag nagmamaneho o sumasakay sa kotse.
- Magsuot ng angkop na pampakapal at kagamitang pangkaligtasan kapag sumasali sa mga laro o mga gawain.

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

Pagkukunan: Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008

Numero ng Item: 2010052470